

Pangangalakal ng mga Tao (People Trafficking)

Polyetong Pang-impormasyon para sa mga Empleyado

Ano ang pangangalakal ng mga tao (people trafficking)?

Ang pangangalakal ng mga tao (people trafficking) ay ang pisikal na paglipat ng mga tao sa magkabilang mga hangganan, sa pamamagitan ng mapanlinlang na paraan, pamimilit o puwersa, para sa layunin ng pagsasamantala.

Sa buong mundo, ang kalakihan, kababaihan at mga bata ay sumasailalim sa trafficking sa ilang hanay ng mga industriya, kabilang ang:

- agrikultura
- konstruksyon
- trabahong pambahay
- hospitality
- trabaho sa industriya ng sex,
- trabahong pampabrika.

Ang anumang uri ng pangangalakal ng mga tao (people trafficking) ay isang krimen sa Australia.

Mga palatandaan o senyas na ang isang tao ay maaaring sumailalim sa trafficking

Magkaroon ng kamalayan sa sumusunod na mga palatandaan upang malaman kung ang kasamahang empleyado ay biktima ng pangangalakal ng mga tao (people trafficking):

- Ang tao ay lumilitaw na nagseserbisyong-bayad sa utang sa kanilang empleyado o ikatlong partido (katulad ng serbisyo ng pagrerekluta)
- Hindi maaaring tapusin ng tao ang kanilang trabaho sa anumang oras
- Ang personal na mga dokumento, katulad ng mga pasaporte o mga dokumento ng paninirahan, ay hawak ng empleyado o ikatlong partido, at ang manggagawa ay hindi pinapayagang ma-access ang mga dokumentong ito kapag nais nilang gawin.
- May mga platandaan na ang manggagawa ay sumasailalim sa, o binabantaan ng, karahasan na may kaugnayan sa kanilang trabaho
- Ang tao ay nakakulong o nahihawalay sa lugar pantrabaho o umuwi lang sa di karaniwang mga oras
- Ang tao ay nakatira sa lugar pantrabaho, o iba pang lugar na pag-aari/kontrolado ng kanilang tagapag-empleyo
- Ang tao ay nasa iba o hindi gaanong paborableng mga kondisyon sa trabaho kaysa sa ibang mga empleyado dahil ito ay mula sa ibayong dagat
- Ang tao ay kontrolado ng ibang tao at hindi pinapayagang magsalita para sa kaniyang sarili
- Ang tao ay may isang tagapamagitan na “humahawak” o “namumuhunan” ng kaniyang pera para sa kaniya, at
- Hindi naiintindihan ng tao ang mga takda o kondisyon ng kanyang trabaho

Pangangalakal ng mga Tao (People Trafficking)

Polyetong Pang-impormasyon para sa mga Empleyado

Mga batas tungkol sa pangangalakal ng mga tao (people trafficking)

- Ang pangangalakal ng mga tao, pang-aalipin, sekswal na pagkabusabos at pagkaalipin sa utang ay mga paglabag sa ilalim ng Criminal Act Code 1995 (Cth)
- Isa ring pagkakasala ang mag-empleyo o kumuha ng isang tao upang magtrabaho, o magbigay ng sangguni sa isang tao upang magtrabaho, na lumalabag sa mga kondisyon ng kanilang visa sa ilalim ng Migration Act 1958 (Cth)
- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat sumunod sa mga batas sa lugar pantrabaho ng Australia. Ang lahat ng mga taong nagtatrabaho sa Australia, kabilang ang dayuhang mga manggagawa (mga manggagawang hindi mamamayan o permanenteng residente ng Australia) ay may karapatan sa batayang mga karapatan at proteksyon sa lugar pantrabaho. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga batas sa lugar pantrabaho ng Australia ay matatagpuan sa website ng Ombudsman para sa Makatarungang Trabaho (www.fwo.gov.au). Dapat tiyakin ng mga tagapag-empleyong kumuha ng mga dayuhang manggagawa na sumusunod sila sa parehong mga batas sa lugar pantrabaho ng Australia at sa mga batas pang-imigrasyon
- Maaaring alamin ng mga tagapag-empleyo sa Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan kung ang inaasahang mga empleyado ay may karapatang magtrabaho sa Australia. Ang pag-aalam na ito ay maaaring isagawa sa online sa: http://www.immi.gov.au/e_visa/vevo.htm.
- Ang karagdagang impormasyon ukol sa mga batas ng Australia tungkol sa people trafficking ay matatagpuan sa: www.ag.gov.au

Ano ang gagawin kung naghihinala ka na ang isang tao ay sumailalim sa trafficking

Kung ikaw ay may alam tungkol sa, o naghihinala na ang isang tao ay sumailalim sa trafficking iulat ito sa Pederal na Pulisya ng Australia sa 1800 813 784.

Kung ikaw ay may alam tungkol sa isang taong sumailalim sa mapagsamantalang mga kondisyon sa pagtatrabaho, iulat ito sa Ombudsman para sa Makatarungang Trabaho sa 13 13 94.

Sa isang kagipitan, tumawag sa 000.